MONKEYPOX

# Mga Pagtitipong Panlipunan: Alamin Bago Ka Pumunta

## Kapag iniisip kung paano mapababa ang posilibidad na makakuha ng monkeypox sa mga lugar tulad ng mga rave, party, club, at festival:

- Maghanap ng impormasyon tungkol sa monkeypox sa iyong lugar mula sa mga mapagkakatiwalaang pagkukunan gaya ng iyong lokal na departamento ng kalusugan.
- Isipin kung gaano karaming malapitan, personal, pagdidikitan ng balat na pag-uugnayan ang malamang na mangyari sa kaganapang balak mong daluhan.
- Kung masama ang iyong pakiramdam o mayroon kang pantal, huwag pumunta sa anumang pagtitipon,at magpatingin sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan.



## Hindi Lahat ng Pagtitipong Panlipunan Ay Pareho

- Ang mga festival, kaganapan, at konsiyerto kung saan nakasuot ng kumpletong damit ang mga dumadalo at hindi malamang na magkakadikitan ng balat ay mas ligtas. Gayunpaman, dapat pakaisipin ng mga dumadalo ang mga aktibidad (gaya ng pakikipaghalikan) na maaaring makapagkalat ng monkeypox.
- Ang isang rave, party, o club kung saan kaunti lang ang damit at kung saan may direkta, personal, madalas na pagdidikitan ng balat na pag-uugnayan ay may ilang panganib. Iwasan ang anumang pantal na makita mo sa iba at subukang iwasan ang pag-uugnayan na may pagdidikitan ng balat.
- Ang mga saradong lugar, gaya ng mga back room, sauna, sex club, o pribado at publikong mga sex party kung saan nangyayari ang maseselan at madalas na walang pagkakakilanlang sekswal na pag-uugnayan sa maraming kapartner, ay mas malamang na makapagkalat ng monkeypox.

www.cdc.gov/monkeypox

## Ano ang dapat gawin ng isang tao kung mayroon silang bago o hindi maipaliwanag na pantal o iba pang mga sintomas?

- Iwasan ang mga pagtitipon, lalo na kung kasama rito ang malapitan, personal na pag-uugnayan, pagdidikitan ng balat.
- Iwasan ang pagtatalik o pagiging malapit sa kahit sino hanggang masuri ka ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan.
- Kung wala kang provider o seguro sa kalusugan, bumisita sa isang pampublikong klinika ng kalusugan na malapit sa iyo.
- Kapag magpapatingin ka sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan, magsuot ng mask, sabihin sa kanila na umiikot ang virus na ito sa lugar.



CS333905-I | 09/14/2022